


# Ipeyas nan Gawis

Written by Christian Patricio  
Illustrated by Pocholo Jaramillo



# Ipeyas nan Gawis

Philippine Copyright 2024  
All rights reserved.

Published by:

Partners for Indigenous Knowledge Philippines (PIKP)  
#54 Evangelista Street, Leonila Hill, Baguio City, Philippines  
(074) 244 0191 • pikphils@gmail.com

in partnership with

Cordilleran Youth Center (CYC)  
#30 Upper P. Burgos, Baguio City, Philippines  
cordilleranyouthcenter@gmail.com


with support from the

International Climate Initiative of the German Federal Government  
through the Forest Peoples Programme

Author: Christian Patricio  
Illustrator: Pocholo Jaramillo

ISBN: 978-621-8399-00-6

# Ipeyas Nan Gawis



Supported by:



based on a decision of  
the German Bundestag





Isang umaga, sa gitna ng isang kagubatan ng Kordilyera, naglakad-lakad upang maghanap ng kahoy panggatong si Udyaw. Ang gubat na ito ang paborito niyang lakaran.


Maraming iba't ibang klase ng mga puno, halaman, prutas at mga beri dito. Pinamamahayan din ito ng mga alingo o baboyramo, ugsa o usa, at sabag o labuyong manok. Presko din ang simoy ng hangin dito.

*One morning, in the middle of a Cordillera forest, Udyaw walked around to look for firewood. This forest is his favorite place to walk around in. There are many different types of trees, plants, fruits, and berries here. This is the home for lots of alingo or wild pig, ugsa or deer, and sabag or wild chickens. The breeze here is fresh too.*



Dati, sumasama-sama lang siya sa kaniyang nanang at tatang para mangahoy. Naalala niya ang turo nila: "Tuyong kahoy lang o mga kahoy na mabilis matuyo ang kukunin mo. Huwag din masyadong marami ang puputuling kahoy para makakuha ka pa ng kahoy sa susunod." Ito ang dala-dala niyang aral nang tumanda na siya at nakayanan nang mangahoy mag-isa. Ganito rin ang turo sa kanya sa pagkuha ng mga prutas at mga beri: "Kumuha ka lang nang kaya mong kainin."

*Before, he used to go together with his mother and father to gather wood. He remembered their teaching: "Take only the dry wood or any wood that dries quickly. Don't cut down too much wood so you can get more wood for later." This was the lesson he took with him when he got older and was able to handle wood-gathering on his own. The same was true for gathering fruits and berries: "Take only what you can eat."*



Sa kanyang paglalakad, nakarinig siya ng tila rumaragasang tubig. Nagtaka siya dahil sa pagkakaalam niya, wala namang bukal sa malapit.

*As Udyaw walked deeper into the forest, he heard what seemed to be rushing water. He wondered because as far as he knew, there was no spring nearby.*



Lumapit siya nang lumapit sa pinanggagalingan ng tunog ng dumadaloy na tubig. Lumapit siya nang lumapit hanggang sa nagulat siya sa kaniyang nakita..

may batis!

*He came closer to the sound of the flowing water. He came closer and closer until he was surprised by what he saw..*

*there was a stream!*



Hindi masyadong malakas, hindi rin masyadong mahina ang daloy ng tubig ng batis. Maganda itong tahanan para sa halos hindi maubos-ubos na mga gadiw o maliliit na isda, bakkak o palaka, at dalit o igat. Sinubukan niya ring inumin ang tubig, at sobrang sariwa nito!

*The stream's current was neither too strong nor too weak. It was good for being home to an abundant amount of gadiw or small river fish, bakkak or frogs, and dalit or eels. He tasted the water and it was very refreshing!*

Nagulumihan siya dahil ito ang unang beses na nakita niya ang batis. Sinubukan niyang hanapin kung saan nagsisimula ang ilog at kung saan ito magtatapos. Umabot na nang dapithapon, hindi pa rin niya nakita ang dulo nito.

*He was confused because this was his first time seeing the stream. He tried to find where the stream begins and where it ends. Dusk was coming and he still couldn't see the end of it.*



Umuwi muna siya sa kanila upang hindi na abutan ng gabi. Hindi rin makapaniwala ang mga magulang ni Udyaw noong ibinalita niya na mayroong batis sa malapit na gubat. Ito rin ang unang beses nilang marinig iyon!


*It was getting dark so he went home instead. Udyaw's parents also couldn't believe it when he told them that there was a stream in the nearby forest. It was also the first time they heard of it!*





Kinabukasan, sinamahan siya ng kaniyang tatang sa nasabing batis. Nagdala rin ang kaniyang tatang ng panghuli ng isda kung totoo mang mayroong batis. At totoo nga, mayroon ngang batis sa gubat! Sobrang linaw ng tubig, at maraming gadiw, bakkak, at dalit. Naisipan nilang manghuli ng isda para iuwi.

*The next day, his father accompanied him to the said stream. His father also brought a fishing spear to catch some fish. Indeed, there was a stream in the forest! The water was crystal clear, and had plenty of gadiw, bakkak, and dalit. They decided to catch some fish to take home.*



Tuwang-tuwa ang pamilya dahil sa nauwi nilang isda. Kaya nitong pakainin ang pamilya ng tatlong araw! Pinaalalahanan ng tatay ni Udyaw na kailangang maghinay-hinay sa pagkuha ng isda galing sa batis para hindi ito basta-basta mawala.

*The family was very happy with the fish they brought home. It could feed them for three days! Udyaw's father reminded him to be cautious in taking fish from the stream so that they would not disappear quickly.*





Ibinahagi rin nila sa kanilang mga kapitbahay ang mabuting balita na mayroong masaganang batis sa kanilang gubat.

Nagpaalala ang tatay ni Udyaw: "Ipeyas nan gawis, adi tako bukodan di gawis." Ibahagi ang mabuti, huwag itong sarilinin.

*They shared the good news with their neighbors that there was an abundant stream in their forest.*

*Udyaw's father reminded: "Ipeyas nan gawis, adi tako bukodan di gawis." Share what is good, don't keep it for yourself.*

Naging masaya ang komunidad dahil mayroon na silang bagong pagkukunan ng pagkain. Sa kabila nito, mayroong isang taong may ibang plano para sa batis. Ang pangalan niya ay Imo.

*The whole community was happy because they have a new source of food. However, one person had other plans for the stream. His name was Imo.*





Kilala si Imo sa pagiging madamot at makasarili. Malapit sa mga payaw ang bahay ni Imo. Ayaw niyang magpadaan ng kalabaw sa tapat ng kaniyang bahay, kaya napilitan ang mga taga-baryo na gumawa ng bagong daan.

*Imo was known for being greedy and selfish. Imo's house was near the rice field. He did not want carabaos to pass in front of his house, so the villagers were forced to build a new trail.*



Ayaw din niyang ibahagi ang sobra niyang pananim na bigas, sili, at aba. At ngayon, gusto ni Imo na sarilinin ang mga isda sa batis.

*He also didn't want to share his surplus crops of rice, chili, and taro. Imo wanted to keep for himself all the fish in the stream.*



Isang gabi, pumunta si Imo sa batis para gawin ang kaniyang plano: kukuha siya ng napakaraming isda, higit pa sa kailangan niya. Hindi pinapayagan ng komunidad ang paghuli sa mas batang gadiw para masigurong hindi mauubusan ng isda ang batis. Ngunit naglagay si Imo ng mga bukatot o bitag ng isda na may maliliit na butas para makahuli siya ng parehong malalaki at maliliit na isda.

*One night, Imo went to the stream to carry out his plan to catch a lot of fish, more than he needed. The community does not allow catching of young fish to make sure the stream does not run out of fish. But Imo set up several bukatot or fish traps with small holes that allowed him to catch big and small fish.*



Kinaumagahan, tuwang-tuwa siyang umuwi bitbit ang maraming basket ng isda.

*The next morning, he happily went home with baskets and baskets of fish.*





Inulit ito ni lmo nang maraming beses. Tuwing gabi, paulit-ulit siyang pumupunta sa batis para kumuha ng napakaraming isda! Paulit-ulit at parami nang parami ang kaniyang hinuhuli.

*lmo repeated this several times. Every night, again and again, he went to the stream to catch an unbelievable amount of fish! He kept coming and taking more and more.*



Hindi na sila makahuli sa batis na dati'y puno ng gadiw, bakbak at dalit.

*They could no longer catch anything from the stream that used to be full of gadiw or small river fish, bakbak or frogs, and dalit or eels.*



Napansin ng komunidad na kumakaunti na ang nahuhuling isda sa batis.

*The people of the community noticed that the amount of fish in the stream was getting less.*



Araw-araw silang nagpupunta sa batis para manghuli, ngunit lumipas ang mga araw at wala pa rin. Wala nang gadiw. Wala nang bakbak. Wala na ring dalit.

*They went to the stream every day in hopes of catching anything, but days passed, and there was still nothing. No gadiw. No bakbak. No dalit.*



Ikinalungkot ito ng buong baryo. Gusto nilang alamin kung ano ang nangyari sa batis.

*This made the community sad. They wanted to know what happened to the stream.*

May ilang nagsabi, “Naku! Nagalit si Apo Kabunian dahil kuha tayo nang kuha sa batis.”

Ngunit hindi nila alam...


*There were some who said, "Oh, Apo Kabunian got angry because we took too much from the stream." But little did they know...*





Napadaan si Udyaw sa bahay ni Imo isang araw at may kakaibang amoy na nagmumula sa bahay--mabaho. Amoy malansa!

*Udyaw passed by Imo's house one day and a strange smell was coming out of the house--a foul smell. It smelled fishy!*



Agad kinatok ni Udyaw ang pintuan ni Imo, ngunit walang sumasagot.


*Udyaw immediately knocked on Imo's door, but no one answered.*



Nang wala pa ring sumagot pagkatapos ng ilang katok, minabuti na niyang pumasok sa bahay.

**Lumakas ang amoy ng lansa!**

*When there was still no answer after several knocks, he decided to enter the house. The fishy smell grew stronger.*





Binati siya ng sobrang daming gadiw, bakkak, at dalit na nakasabit sa loob ng bahay.

*He was greeted by lots of gadiw, bakkak, and dalit hanging inside the house.*

nasa mesa at sahig pa nga ang ilan. Marami na ang nabulok.


*some even on the table and on the floor. Many had already rotted.*





Napansin niya si Imo na nakaratay sa higaan. Nagkasakit na siya dahil sa dami niyang pinilit na kainin at sangsang ng amoy.

*He noticed Imo lying sick on the bed. Imo got sick from eating too much and from the smell of the rotten fish.*



Tumawag ng tulong si Udyaw para dalhin si Imo sa manggagamot.

*Udyaw called for help to bring Imo to the community healer.*





Binigyan niya ito ng tsaang gawa sa nadarang  
na bigas at malapit nang mahinog na saba.  
Guminhawa ang pakiramdam ni Imo.

*The community healer gave him roasted rice tea  
and half-ripe banana. It made him feel better.*




Nagtipon ang komunidad at pinatawag siya para payuhan siya  
tungkol sa kahihinatnan ng pagiging ganid at maaksaya. Sobrang  
hiya at pagsisisi ang naramdaman ni Imo.

*The community gathered and called him to advise him about the  
consequences of being greedy and wasteful. Imo felt very ashamed  
and sorry.*







Pagkatapos niyang gumaling, naging tagapagbantay na si Imo ng batis. Kasama si Udyaw at ang buong komunidad, siniguro nila na walang magmamay-ari at magdadamot sa mga biyaya ng batis.

Para sa buong komunidad ang lahat ng magagandang bagay na dala ng kalikasan.

*After recovering, Imo became the watchman of the stream. Together with Udyaw and the whole community, they made sure that no one would personally own and keep for themselves the bounties of the stream. All the beautiful things that nature brings should benefit the whole community.*

Ipinangako nila na aalagaan ang batis, at hindi na muna sila manghuhuli ng gadiw, bakkak, at dalit para dumami ulit ang mga ito. Pinaaalala rin nila ang kanilang mga sarili tungkol sa innayan, ang kaugalian sa hindi paggawa ng masama at sa pag-aruga sa mga gubat, ilog, batis, at bukal na pinanggagalingan ng buhay.

*They promised to take care of the stream and to not fish for some time so that gadiw, bakkak, and dalit become plenty again. They also reminded themselves of innayan, the value of doing no harm and caring for the forests rivers, streams, and springs which are sources of life.*





Pinaalala ng pinuno ng baryo..

*The village leader reminded everyone..*

"Ang lahat ng mga magagandang bagay sa mundo, katulad ng gubat, lupa, at ilog, ay hindi natin pagmamay-ari. Ang mga ito ay hamak na mas nauna pa sa atin. Ang mga magagandang ibinigay nito sa atin ay dapat ipagbigayan at hindi dapat ipagdamot. Ipeyas nan gawis. Ada tako bukodan di Gawis."

*"All the beautiful things in the world, such as the land and forests, rivers and streams, do not belong to us. These came even before us. The good things they give us should be shared. We should not be selfish with it. Ipeyas nan Gawis. Adi tako bukodan di Gawis."*





### Christian Patricio

Si Christian Patricio ay isang aktibista at manunulat na naka-base sa Cordillera. Nagsusulat at nagsasalin siya ng mga tula, maikling kuwento, sanaysay at dula sa Filipino. Ni-launch ang kaniyang isinulat na kuwentong pambata na Ipeyas nan Gawis noong 2024. Siya rin ay isa sa mga fellow ng Unang Palihang Kinaiya. Ang ilan sa kanyang mga tula, dula at salin ay pinublish at itinanghal na ng Kinaiya: Kolektib ng mga LGBTQ+ na Manunulat, Kimat Kolektib, Kintal Press, at Dap-ayan ti Kultura iti Kordilyera.



### Pocholo Jaramillo

Pocholo Jaramillo is a freelance visual artist who graduated from the University of the Philippines Baguio with a Bachelor's Degree in Fine Arts. He is currently honing his distinctive style through the exploration of various techniques, materials, and media—including digital, acrylic, oil, woodcut, and rubber cut printing. His work often draws inspiration from the seemingly mundane, as well as from subjects that reflect societal realities and issues. He is a member of Sulong Likha, a progressive artist collective based in Baguio City.



**Partners for Indigenous Knowledge Philippines (PIKP)** is a learning network of organizations, researchers, writers, educators, artists, and individuals in the Cordillera and the Philippines with initiatives on promoting and strengthening indigenous knowledge.

PIKP works with partners for the recognition and revitalization of indigenous knowledge systems and communication of the necessity, diversity, and contemporary relevance of indigenous knowledge.

Reach us at:

Email: [pikphils@gmail.com](mailto:pikphils@gmail.com)

Facebook: [facebook.com/pikphils](https://facebook.com/pikphils)



The **Cordilleran Youth Center (CYC)** is an education, training and service center for the youth in the Cordillera. It is committed to empowering the youth to actively participate in advancing the rights, interests and welfare of the indigenous peoples, including the youth in the Cordillera.

It provides appropriate and relevant avenues for the youth in the region in order for them to harness their potential as leaders of their organizations, communities and the wider society. CYC contributes in forging and strengthening the unities among the youth organizations of individuals and link their issues and struggles with other democratic sectors at the local, regional, national and international level.

Reach us at:

Email: [cordilleranyouthcenter@gmail.com](mailto:cordilleranyouthcenter@gmail.com)

Facebook: [facebook.com/cordilleranyouthcenter](https://facebook.com/cordilleranyouthcenter)



"All the beautiful things in the world, such as the land and forests, rivers and streams, do not belong to us. These came even before us. The good things they give us should be shared. We should not be selfish with it. Ipeyas nan Gawis. Adi tako bukudan di Gawis."

